3

Republic of the Philippines

Department of Education

NATIONAL CAPITAL REGION

Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 3 WEEK 2


DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:

| | |
|---|---|
| Writer: | DOLORES S. ADRIOSULA |
| Illustrator: | MARJORIE B. PELECIA |
| Layout Artist: | JENEL R. SECILLANO |
| Language Editors: | NICELDA C. GALLEGO, MILLIE B. VALENZUELA, ANABEL P. CAPILLO |
| Management Team: | Dr. MALCOLM S. GARMA, Regional Director - NCR |
| | Dr. JOEL T. TORRECAMPO, SDS SDO - Las Piñas City |
| | Dr. GENIA V. SANTOS, CLMD Chief - NCR |
| | Mr. JUAN C. OBIERNA, CID-Chief, SDO - Las Piñas |
| | Dr. GLORIA G. TAMAYO, EPS in Filipino - NCR |
| | Dr. DENNIS M. MENDOZA, LR EPS - NCR |
| | Dr. MACARIO D. PELECIA JR, EPS in Filipino - SDO Las Piñas |
| | Dr. MARY JANE R. TUBELLO, LR EPS - SDO Las Piñas |
| | NANCY C. MAGBUNGA, Librarian - NCR |
| | ELAINE MARGARETT BAGUIO, PDO SDO – Las Piñas |
| | ANA S. MAONTANES, Librarian SDO – Las Piñas |



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili

---

## Aralin 2: Sariling Ideya sa Tekstong Napakinggan

**Inaasahan:** Nasasabi ang sariling ideya tungkol sa tekstong napakinggan
F3PN-IIId-14

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Basahin ang teksto. Sagutan ang sumusunod na katanungan.

**Maganda si Lorna**

Marami ang humahanga at nagagandahan kay Lorna. Sino nga ba ang di mabibighani sa kanyang ganda. Ang kaniyang mga buhok ay tulad ng langit sa gabi. Ang kaniyang mga labi ay kasingpula ng dugo. Marami ang naiinggit sa kanyang kutis na sing-puti ng labanos.

Para sa mga tao, si Lorna ay isang bulaklak. Mabango at di nakakasawang pagmasdan. Ang kaniyang mga mata ay parang mga bituin sa langit. Nangingislap sa tuwing titingnan.

Di lamang maganda si Lorna mabait din siya. Siya ay pusong mamon para sa lahat, sa matatanda, bata at maging sa mga may kapansanan.

Marami ang nagnanais na manligaw kay Lorna ngunit marami ang natatakot sa ama nito dahil si Mang Mateo ay leon sa bagsik.

Halaw sa Lesson Plan MTB-MLE
K to 12 Curriculum 2016 Edition
Hap S. Reyes, A. Olivarez, A. Ranchez

1. Ano ang pamagat ng teksto?

_______________________________________________

2. Sino ang inilalarawan sa teksto?

_______________________________________________

3. Paano inilalarawan si Lorna?

___________________________________________________

4. Para sa mga tao ano si Lorna?

___________________________________________________

5. Masasabi mo bang mapalad si Lorna at pinagkalooban siya ng ganoong kagandahan?

___________________________________________________

### Balik-Tanaw

Noong nakaraang aralin ay napag-aralan natin ang tungkol sa tambalang salita. Laging tandaan na ang tambalang salita ay binubuo ng dalawang salitang maaaring pareho ang kahulugan o maaaring magbago ang kahulugan nito.

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Sa araling ito masasabi ang sariling ideya tungkol sa tekstong napakinggan. Ito ay ang mahalagang pang-unawa sa mga babasahing teksto upang makapagbigay ng sariling ideya tungkol sa binasa. Maaaring ang bawat isa ay may kaniya-kaniyang ideya na maaaring ibahagi para sa karagdagang kaalaman ng bawat isa.

### Gawain

**Panuto:** Sa tulong ng magulang,basahin at unawain ang teksto. Sagutin ang mga katanungan batay sa inyong pagkakaunawa.

## Ang Ilog Pasig, Noon at Ngayon

Napadaan kami sa Ilog Pasig noong isang linggo. Tinanong ko sa aking ama kung bakit marumi ang Ilog Pasig. Ang sabi niya, dati- rati ay malinis at malinaw ang tubig sa ilog na ito. Maraming isda at halamang tubig ang nabubuhay rito at napaliliguan pa ng mga tao.

Ngunit sa pagdaan ng panahon, dumami nang dumami ang mga nagsipanirahan malapit sa ilog. Maraming mga pabrika rin ang itinayo tulad ng pabrika ng tela, papel at gamot.

Habang dumarami ang mga naninirahan sa tabing Ilog Pasig, lalo naman itong dumurumi. Dito itinatapon ang lahat ng dumi. Dito rin itinatambak ng mga pagawaan ang mga dumi at kemikal na galing sa pabrika.

Bunga nito, nangitim ang tubig sa Ilog Pasig. Bumaho ang tubig dahil sa nabubulok na dumi sa ilalim nito. Naging pangit sa paningin ang Ilog Pasig. Hindi na rin naging kasiya-siyang langhapin ang hangin sa paligid nito. Nalason ng dumi ang mga isda at iba pang lamang - tubig na naninirahan dito.

Sharmaine Faustino…SCRIBD

1. Ano ang masasabi mo sa Ilog Pasig noon at ngayon?

_______________________________________________

2. Sa iyong palagay, maibabalik pa kaya ang ganda ng Ilog Pasig?

_______________________________________________

3. Bilang isang mag-aaral, ano ang maipapayo mo sa kapwa mo kamag-aral kaugnay sa pangagalaga sa mga ilog?

_______________________________________________

_______________________________________________

**Panuto**: Magpatulong sa kasama sa bahay at ipabasa ang kuwento.

## Ang Plaster ni Bong

Isang, araw pumasok si Bong sa klase na nakabenda ang kamay. Nagtaka ang kaniyang mga kaklase at unti-unting naglapitan sa kaniya." Anong nangyari sa iyo Bong?", tanong ni Annie.

"Plaster iyan, hindi ba? Naku, nabalian ka ng buto!" ang malakas na sigaw ni Tito mula sa likuran.

"Oo, Tito. Nabali ang buto ko sa braso. Nagbisikleta kasi ako sa madulas na kalsada at nadisgrasya. Dapat talaga nakinig ako kay nanay. Hindi pa sana nangyari ito," mahinang sagot ni Bong.

"Hayaan mo na, Bong. Gagaling din iyan pagkatapos ng ilang buwan," sabi ni Emy habang inaalalayan si Bong sa kanyang upuan.

Tumahimik ang lahat nang dumating si Gng. Santos. Hudyat na ito ng simula ng klase. Matapos nilang magdasal ay nagsalita ang guro sa lahat. Salamat sa pag-aalala ninyo sa inyong kaklase Tulungan muna natin siya sa ilang mga gawain habang ang kamay niya ay nakaplaster."

Maria Luz…. SCRIBD

**Panuto:** Isulat ang inyong palagay sa sumusunod na mga katanungan.

1. Ano kaya ang mangyayari kung sinunod ni Bong ang utos ng kanyang ina?

_______________________________________________

2. Bakit kaya naisip kaagad ni Tito na nabalian ng buto si Bong?

_______________________________________________

3. Kung sa iyo nangyari at ikaw ay nabalian papasok ka ba sa iyong klase? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Kung kayo ang kaklase ni Bong tutulungan ba ninyo si Bong kahit na alam ninyong hindi siya nakikinig sa kanyang nanay? Bakit?

_______________________________________________

5. Sa paanong paraan kayo makatutulong sa iyong kaklase na kagaya ni Bong na nabalian ng buto?

_______________________________________________

## Tandaan

Ang teksto ay may pinahahayag na ideya. Nakatutulong ang pagbibigay ng pangunahing ideya upang maintindihan ang nilalaman ng narinig o nabasa. Ang pangunahing ideya ay matatagpuan sa pamagat, unahan, gitna, at huling bahagi ng teksto.

Nakatutulong sa pag-unawa ng pinakinggan ang pag-uugnay nang narinig sa sariling karanasan.

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Pagkatapos marinig/mabasa ang kuwento, sagutin ang kasunod na mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong kasagutan sa patlang.

### Ang Mahiwagang Bulaklak ng Matandang Babae

Noong unang panahon, may isang matandang babaeng may magandang hardin ng mga bulaklak sa tabi ng lawa. Malapit ang matandang babae sa mga mangingisdang naninirahan sa kalapit na baryo. Madalas na bumibisita ang mangingisda at ang kani-kaniyang pamilya sa matandang babae upang magbigay ng isda kapalit ng ilang magaganda at mababangong bulaklak mula sa hardin.

Naniniwala ang mga mangingisda na mayroon angking kapangyarihan ang matandang babae dahil palaging nagliliwanag ang kapaligiran na may kasamang magandang babae at duwende na tumutulong sa pag-aalaga ng mga tanim. Sinubukan nilang tanungin ang matanda ngunit sinabi ng matanda na wala siyang kasama.

Isang araw ay may mag-asawang bumisita sa baryo at nakita nila ang magandang hardin. Pumasok sila at pumitas ng bulaklak nang walang paalam. Nakita sila ng matanda at pinakiusapang umalis ngunit pinagkatuwaan lamang dahil sa pangit na anyo nito.

Dahil sa kalapastanganan ng dalawa, ginawa silang kulisap. Noon din ay nagbago ang anyo ng dalawa at naging paruparo at nakita na lamang ng taumbayan na may kakaibang kulisap na aali-aligid sa mga bulaklak.

Lei Masangcay…
Mgahalimbawangmaiklingkwento.blogspot.com
pinterest

1. Sa iyong palagay, bakit magaganda ang bulaklak sa hardin ng matandang babae?

_______________________________________________

2. Sa iyong palagay, bakit malapit ang loob ng mga mangingisda sa matanda?

_______________________________________________

3. Batay sa iyong binasa, ano ang magandang katangian ng matandang babae sa kuwento?

_______________________________________________

4. Kung ikaw ay mahilig sa magagandang bulaklak gagawin mo rin ba ang ginawa ng mag-asawa? Bakit?

_______________________________________________

5. Paano pinarusahan ng matandang babae ang mag-asawa? Tama ba ang parusang ginawa ng matandang babae sa mag-asawa? Kung tama bakit? Kung mali bakit?

_______________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Pagkatapos marinig ang kuwento ng guro sagutin ang sumusunod na tanong.

## Maging Masunurin sa Alituntunin

Matagal na nakatayo ang magpinsang Mila at Rita. Ayaw huminto ng mga dyip na kanilang pinapara. "Bawal nga palang tumigil dito ang mga sasakyan," ang naaalang wika ni Rita.

Di nagtagal, nakasakay na sila. Pagbaba sa paaralan, biglang tumakbo si Mila sa damuhan. Sinabihan siya ni Rita na ang damo ay hindi dapat tinatapakan dahil mamamatay ito. Pumitas si Mila ng bulaklak ng santan. Tinuro ni Rita ang tablang may sulat na "Bawal Pumitas ng mga Bulaklak," napakamot ng ulo si Mila. "Napakarami namang bawal dito," ang wika niya.

"Bilang isang mabuting mamamayan, maging masunurin ka sa mga alituntunin." ang payo ni Rita sa pinsan."Sa gayon, magiging masunurin ka sa mga batas paglaki mo."

Angelita L. Aragon, Zenaida S. Badua, Magdalena O. Jocson

SEMP/TEEP

1. Sa iyong palagay tama ba na sawayin ni Rita si Mila?

___

2. Sa iyong palagay, bakit mayroong mga alituntunin?

___

3. Ano ang mabuting maidudulot sa pagsunod sa mga alituntunin?

___

## Susi sa Pagwawasto

**Unang pagsubok**

1. Maganda si Lorna.
2. Si Lorna
3. Inihalintulad sa ibang mga bagay. Di lamang maganda,mabait pa
4. Siya ay inihalintulad ng mga tao sa isang bulaklak.
5. Opo, dahil kakaiba ang kanyang ganda.

**Gawain**

1Ang Ilog Pasig noon ay maganda at malaking biyaya para sa mga tao samantalang ngayon ito ay marumi at hindi na mapakinabangan.
2. Opo, kung may disiplina ang mga tao na nakapligid dito.
3. Sasbihin ko pong iwasan ang pagtapon ng basura.

1. Hindi sana siya madidisgrasya at mababalian ng braso.
2. Dahil sa bendang  Nakita sa kanyang braso.
3. Opo, para hindi ako mapag-iawanan sa aking klase.
4. Opo, dahil sa nangyari sa kaniya siya ay magbabago na
5. Aalalayan ko siya. Hindi ko siya haharotin.

**Pag-alam sa Natutuhan**

1. dahil inaalagaang Mabuti ng matanda ang kanyang mga tanim
2. dahil natutuwa sila sa magandang hardin ng matanda
3. mabait at mapagbigay
4. Hindi po, dapat po ay ugaliing magpaalam.
5. Ginawa silang kulisap. Tama po, para sila ay magtanda.

Hindi po, dapat binigyan muna sila ng isang pagkakataon.

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. opo, dahil ito ay pagpapakita sa pagsunod sa mga alituntunin
2. para po may susundin ang mga tao at maiwasan ang hindi magandang mangyayari
3. maiiwasang makapinsala at makadisgrasya

Sangggunian

Pinterest   SCRIBD   Bagong Filipino sa Salita at Gawa   Lesson Plan MTB-MLE